Sa isinuniteng ulat ni BI INTELLIGENCE CHIEF FORTUNATO JUN MANAHAN kay IMMIGRATION COMM.JAIME MORENTE na naaresto ang arab national na si AHMAD ISSAC ALAMERI 59 taong gulang sa ISLA GUIMARAS ng mga miyembro ng REGIONAL INTELLIGENCE OPERATION UNIT NG BUREAU VI.



CONGRATULATIONS sa alertong tropa nina Bureau of Customs (BOC) District Collector Mimel Talusan at X-Ray Inspection Project (XIP) Unit Senior Field Officer Ray Isais, kapwa nakatalaga sa Ninoy Aquino International Airport (NAIA), collection district port ng ahensiya.

Natimbog kasi nang kanilang pinagsanib na puwersa ang isang pasaherong Indonesian national na naaktuhang may dalang mahigit sa 1.6 kilo ng Cocaine na sinasabing aabot sa P9 na milyong halaga ang street value sa terminal 3 ng paliparan nu'ng nakaraang June 12. Sa kanilang ulat kay Customs Commissioner Rey Leonardo "Jagger" Guerrero, sinabi nina Coll. Talusan at Ray Isais, ang dayuhang pasahero na mabilis rin inaaresto ay kinilalang si Agus Burhan, 62, sakay ng Quatar Airways Flight QR932 na lumapag sa terminal 3 ng NAIA.

Sinasabing nadiskubre ang mga Cocaine sa loob ng "secret compartment" ng mga maletang bitbit ni Burhan. Dating gawi. Dumaan sa epektibong kontra ismagling na X-ray o scanning machines ang naturang mga bagahe kaya nabisto ang nasabing illegal drugs. Bagama't pilit na itinatangi ng suspek na sa kanya ang nasakoteng droga, nakatakda pa rin siyang sampahan ng kaukulang kaso nina Coll. Talusan at Ray Isais dahil sa paglabag sa batas na may kaugnayan sa illegal drugs.

Nakakabilib talaga ang kakaibang klase ng kahusayan sa katapatan sa paglilingkod ni Coll. Talusan at Ray Isais. Ayaw paawat. Walang kapaguran sa pagsisilbi, partikular sa pagbibigay ng proteksyon para sa interes ng ating gobyerno.

Sa katunayan, sa pinakahuling datos kasi, umaabot na pala sa P379 milyon na halagang illegal drugs ang nasabat ng kampo ng Customs-NAIA para sa sinasabing kabuuang "40 drug busts" na kanilang ikinasa simula noong 2018 hanggang January to June 2019. Hindi pa kabilang sa nasabing ulat ang iba pang kontrabandong mga naharang sa naturang paliparan. Paano nangyari, 'ika ninyo? Puwes, umpisahan na ni'yo basahin ang kapuri-puring istorya.

"Eto ang tunay na kuwento. Nu'ng nakaraang April 17, kung matatandaan ninyo, tinimbog ng puwersa nina Coll. Talusan at Ray Isais P2 milyon na halagang Shabu, Ecstasy, Marijuana at Cocaine sa isang bonded warehouse ng Customs-NAIA, Pasay City.

Ang naturang illegal drugs ay nasakote sa magkakahiwalay na pinaglalagyan. Una, ang tinatayang 0.027 kilograms ng shabu sa isang envelope buhat sa nangangalang J.C. Crisostomo ng Marilao Bulacan na nadiskubreng ipapadala sa nakilalang si Abraham Salas, Jr ng Bahrain.

Ikalawa, ang nasa 0.54 kilograms Ecstasy na aabot sa

RIGODON SA BUREAU OF IMMIGRATION IPINATUPAD NI B.I.COMMISSIONER JAIME MORENTE

Sinabi ni Manahan na si ALAMERI ay nagtigil sa bansa mula noong taong 2017 ay isang undocumented alien na may hawak na expired na pasaporte ng Kuwait.

Ayon pa kay MANAHAN na wala ng paraan upang i-renew ang kanyang pasaporte at hindi na puwedeng palawigin ang kanyang pananatili sa bansa.

Iniuutos agad ni Morente, ang mabilis na na pagpapadeport ng dayuhang arabo na mapabalik ng bansang KUWAIT na kung saan siya nanggaling.

Ipinalam ni Morente sa publiko na huwag mag-atubiling mag-ulat sa BI kung may mga pinaghihinalang illegal na dayuhan sa kanilang lugar at mag sampa ng mga reklamo laban sa mga dayuhang lumalabas sa batas ng immigration.

Pahayag pa ng B.I.CHIEF Ang burauw of immigration ay nakatanggap ng impormasyon mula sa social media ng ahensiya at naka-lodge din sa tanggapan ng office of the commissioner.

oOo

ISANG INDONESIAN NATIONAL HINARANG NG BUREAU OF CUSTOMS SA NAIA DAHIL MAY DALANG COCAINE SA BAGAHE

Sa pamamagitan ng tuluy-tuloy na pagbabantay ng bureau of Customs sa NAIA sa pakikipagtutungan ng PDEA, ang isang papasok na pasahero sa NAIA Terminal 3 ay inaaresto dahil may dalang Cocaine, at di umano ay magbabakasyon.

Ang Indonesian national ay mula sa Peru ay nakita sa kanyang bagahe na may Cocaine na may timbang na 1.65 kilo na sakay ng Qatar Airways flight QR-932 mula sa Doha Qatar.

Ang suspek na pasahero ay na-hold pagkatapos ng random ng K-9 sweep at X-Ray machine, Ang 100% na pisikal na pagsusuri ay ginawa sa bagahe indonesian national pagkatapos na makita sa X-Ray machine ang kahina-hinalang bagay sa nasabing bagahe.

Sa pagsusuri ng Customs Examiner ay nakitaan ng puting pulbos na sangkap na nakatago sa kompartimento lining ng bagahe ng nasabing pasahero. Ang natagpuan na Cocaine ay positibong nakita sa presumptive test gamit ang Chemical Analyzer na isinasagawa ng PDEA.

Ipinala-ala-ala sa publiko na ang pag-import ng mga ipinagbabawal na gamot ay isang paglabag sa RA 10863 customization modernization tariff act at republic act 9165 Comprehensive Dangerous Drugs Act.

Ang Customs NAIA ay regular na nagsasagawa ng K-9 sweep sa Customs area at warehouses kasama ang PDEA, mandatory X-Ray at strong profiling ng Customs frontliners.

oOo

CHINESE NATIONAL NA WANTED SA BEIJING CHINA HINARANG NG BI.INTERPOL SA NAIA

Hinarang ng mga opisyal ng bu.of immigration ang pagpasok sa bansa ng isang chinese fugitive na wanted sa mga awtoridad sa Beijing ay sangkot sa mga krimeng pang-ekonomiya.

Sinabi ni BI-Interpol Chief Atty Rommel Tacorda na ang 42-taong-gulang na si Wu Chuqi ay naharang sa terminal ng NAIA 3 sa kanyang pagdating na sakay ng Cathay Pacific flight mula sa Hongkong. Ayon kay Tacorda si Wu, na nasa listahan ng red notice ng Interpol ng mga fugitives, ay agad na i-book sa unang flight ng Cathay

Coll. Talusan at Ray Isais strikes again, P9-M Cocaine nasabat!

P1.7 milyong halaga. Nakita ang tintukoy na "party drugs" sa loob ng printer na galing sa Netherlands at naka-consigned kay Christian Chan ng San Juan, City.

Ikatlo, ang 2 shipments ng Marijuana (hemp gummy candies dried leaves na idineklarang "pancake mix and lotion." Mula ang mga ito sa Unites States of America. Naka-consigned kay Steven Marple ng Antique at Betty Lu ng LGC Marketing sa Cagayan de Oro, City. At ikaapat, ang 0.0135 kilograms ng Cocaine na nagmula rin sa Amerika. Deklaradong "Toys" ng consignee na si Jose Maristela ng Makati City. Mabilis rin nai-turn sa Philippine Drug Enforcement Agency (PDEA) ang iligal na mga droga para sa kaukulang pag-iingat at imbentaryo. Naharang rin nina Coll. Talusan at Ray Isais ang 757 piraso na aabot sa P310 libong halagang buhay na Tarantulas o klase ng itinuturing mapanganib na mga gagamba na tinanggag ipuslit sa Central Mail Exchange Center (CMEC), Customs bonded warehouse sa Pasay City noong nakaraang April 3.

Sa kanilang ulat kay Comm. Rey Leonardo "Jagger" Guerrero, sinabi nina Coll. Talusan at Ray Isais, ang naturang smuggled cargo ay kinukunsiderang "endangered wildlife species." Ipinadala ng isang nakilalang Wojciech Pakasz. Naka-consigned kay Jessie Camaro ng Caloocan City. Dumating sa CMEC nitong nakalipas lamang April 1 mula sa Poland.

Ayon pa sa "intelligent and workaholic" Customs officials, ang mga Tarantulas na ito ay lubhang mapanganib dahil may taglay na nakalalason at nakabubulag na kemikal na kapag nakagat ang sinumatang tao ay posibleng maging dahilan ng kanilang pagkabalug o kamatayan. Nadiskubre ang naturang illegal na kargamento sa gift-wrapped kasama ang ilang kahon na oatmeal at cookies nang dumaan ang kinalalagyang mga bagahe sa epektibong anti-smuggling X-ray machines na minamanduhan ng grupo ni Ray Isais na nakadeploy sa CMEC. "Violators of illegal wildlife trading may face imprisonment of one year and one day to two years and a fine of P20,000.00 to P200,000.00 based on R.A. 914 (Wildlife Resources Conservation and Protection Act) and or three years and one day but not more than six years imprisonment or a fine of not more than P300,000.00 under unlawful importation pursuant to RA 10863 (Customs Modernization and Tariff Act)," paglilingaw pa nina Coll. Talusan at Ray Isais.

Base sa datos, simula nu'ng 2018 hanggang sa kasalukuyang taon, tinatayang nasa sa 2,152 wildlife and endangered species na kinabibilangan ng 63 iguanas, chameleons and bearded dragons, 250 geckos, 254 corals, at iba pang kauri na nasabat bago tuluyang kinumpiska at magkakasunod nai-turn over ng tropa nina Coll. Talusan at Ray Isais sa Department of Environment and Natural Resources (DENR).

Kasama rito ang P4.5 milyong halagang 1,532 mga pagong na Star Tortoise, Redfoot Tortoise, Sulcata Tortoise, at Red-eared Slider species na tangkang ipuslit sa NAIA Terminal noong March 19. Nabisto ang imported na mga pagong pagkaraan na sumalang sa epektibong anti-smuggling na X-ray o scanning machines ang dalang mga bagahe ng isang Pinoy na pasahero galing HongKong.

Pero bago natimbog lahat ang mga ito, matatandaang nasakote ng kampo nina Coll. Talusan at Ray Isais ang 13 botelya na naglalaman ng 650 tablets ephedrine na isang pangunahing sangkap

Pacific pabalik sa Hongkong kung saan siya ay naaresto sa kalaunan ng mga awtoridad ng China.

Ipinagbigay alam agad sa Chinese counterparts interpul tungkol sa interception, sa chinese fugitive at pinasakay ito sa eroplano para makabalik ng sarili nilang bansa.

Iniuulat din ni Tacorda na si WU ay sangkot sa isang iligal na operasyon sa negosyo, at may warrant of arrest na inilabas ang Public Security Bureau sa Shenzhen, Shantou, China.

Sinabi ni Tacorda na, kung napatunayang nagkasala, nahaharap ang chinese fugitive sa pinakamaraming parusa at 15 taon na pagkabilanggo dahil sa mga iligal na aktibidad sa negosyo.

Napag-alaman na si Wu ay nasa listahan ng red notice ng Interpol ng mga wanted foreign fugitives mula noong Agosto ng nakaraang taon. Ang BI ay mayroon database ng mga dayuhan na may mga record sa interpul kaya agad itong napansin o natutukoy ng dumating sa bansa.

Ibinahagi ni Tacorda na ang database ay patuloy na nag-update na real-time dahil ito at iniugnay sa network ng National Central Bureau ng Interpol sa Maynila.

Sabi ni TACORDA ang mga opisyal ng imigrasyon ay agad na haharain ang mga dayuhan dahil sa pag-access sa database ng Interpol, at kapag ng swipe sa aming mga scanner sa pasaporte ay agad na mahaharang ang dayuhan na papasok sa bansa na may kaso.

oOo

BAGONG CUSTOMS MEMORANDUM ORDER INILABAS NI COMMISSIONER REY LEONARDO GUERRERO

Sa layuning mapabilis ang pagproseso sa bureau of customs - account management office pinabilis ng bureau ang mga proseso at mga pamamaraan ng accreditation nito.

Inilabas ni customs commissioner Rey Leonardo Guerrero ang Customs Memorandum Order No 19-2019 na pinahihintulutan ng pag-renew ng accreditation ng customs broker at ang pag-activate ng Client Profile Registration System ng mga entity na kinikilala ng ibang pamahalaan mga ahensiya na ipoproceso sa Collection District na pinakamalalit sa kanilang pangunahing lugar ng negosyo.

Ang CMO ay naglalayong bawasan ang bilang ng mga signatory mula apat hanggang dalawa, na maaprubahan ito sa pamamagitan ng AMO, Office of the deputy Commissioner for Intelligence at ng office of the commissioner.

Kasama sa CMO, ang accreditation ng mga broker at mapoproseso lamang sa Customs Intelligence and Investigation Service at sa tanggapan ng District Collector.

Ang pag-activate ng CPRS ng customs broker at paghahanda ng Certificate of Accreditation ay dapat gawin ng account management office head office. pagkatapos ay maililipat ang mga naka-sign na COA sa Mga District Collector at para ipagkakaloob sa mga customs broker.

Ang pag-activate din ng CPRS ng mga entity na kinikilala ng ibang mga ahensiya ng gobyerno ay gagawin sa tanggapan ng Distrito Collector sa pagtanggap ng pag-endorso na kalakip ang mga kinakailangan mula sa mga ahensiya ng gobyerno.

Ang bagong customs memorandum order ng bureau ay bahagi lamang ng iba't ibang mga sistema ng BOC kasama ang programang prayoridad na ten-point agenda ni Custom Commissioner Guerrero.

Sa paggawa ng primera klaseng shabu noong March 21. Idineklarang "ashma supplements" na nakapaloob sa ilang parcel buhat sa Canada.

Kasunod nito, magkakasunod na natimbog ng kampo nina Coll. Talusan at Ray Isais ang aabot sa P90 milyong halagang mga shabu na tangkang ipuslit habang nakalagag sa DHL warehouse, Pasay City nu'ng February 12. Pagkatapos ay naharang rin ng grupo ang dekalibreng mga baril at iba't ibang klase ng bala na tinangka rin ipuslit sa parehong bodega noong February 13.

Pagkatapos ay nadale rin ng grupo ang 1,269 pirasong Ecstasy na aabot sa P2,151 milyong halaga na tangka rin ipuslit sa CMEC noong February 22. Ang illegal "party" drugs ay naka-consign sa isang pangalang G. Voolthuzen, nakapaloob sa 3 packages ng self-seating plastic bags at idineklarang "lightbox" at galing sa Netherland. Again, kudos at mabuhay kayo, mga Bossing!

IMMEDIATE HIRING!!

JPT Aircon Refrigeration Service

Center needs:

Aircon Technicians (3)

Minimum Qualifications:

- At least 1 year experience in AC repair and maintenance;
- Candidate must possess at least High school diploma or equivalent/TESDA accredited certification is an advantage;
- Flexible and willing to work on shifting schedule and on Holidays as the need arises;

Job Description:

- Installation, repair, and maintenance of all kinds of Aircon and refrigerators;
 - Ensure that equipment operate efficiently and continuously and safely stored in designated areas
 - Salary ranges from P537-P700 per day
- Apply in person at No. 923-A Armstrong Avenue, Moonwalk Phase I, Brgy. Moonwalk, Parañaque City on Monday, June 3, 2019 from 1:00 P.M. to 5:00 P.M. Bring your Bio-Data with 2 x 2 picture, Police/NBI Clearances, diploma or its equivalent and other pertinent documents.
- Look for Mr. Nestor P. Mose.

DUQUE DAPAT MAGBITIW SA PUWESTO

NILINAW ni Senator Panfilo "Ping" Lacson na hindi nito pinasisibak si Health Secretary Francisco Duque III kaugnay ng naturang usapin bagkus aniya dapat itong kusang magbitiw sa puwesto.

"Gusto ko liwanagin...hindi ko hinihingi na sibakin siya. Never ako humingi na magsibak ang Pangulo sa kanyang appointees kasi prerogative niya 'yan," ayon kay Lacson.

Magugunita po na noon ay inamin ni Duque na inaanak nito sa kasal si Sy ngunit siniguro nito na hindi niya poproteksiyunan ito sa anumang imbestigasyon. Sino ang naniniwala sa sinabing ito ni Duque?

Magandang hakbang ang gagawin ng National Bureau of Investigation (NBI) na silipin o imbestigahan ang mga ospital at klinikang posibleng sangkot sa bogus dialysis claims na binayaran ng Philippine Health Insurance Corporation (PhilHealth).

Sinabi nitong si Department of Justice (DOJ) Secretary Menardo Guevarra na ang bagay na ito ay bahagi lamang ng isinasagawa nilang komprehensibong imbestigasyon sa nasabing anomalya kasunod na rin ng pagsasampa ng kaso laban sa may-ari ng WellMed Dialysis and Laboratory Center na si Bryan Sy.

"My directive to the NBI covers not only WellMed but also other clinics and hospitals. After WellMed, the NBI will investigate other suspicious claims," ayon kay Guevarra.

Aalamin din nila sa PhilHealth ang iba pang posibleng whistleblower kaugnay ng pagpapatuloy ng naturang imbestigasyon laban sa iba pang dialysis treatment establishment sa bansa.

Nadiskubre na aabot sa P154-B ang pondong nasayang nang maibayad ito sa nasabing bogus dialysis treatment claims. "Hopefully, the NBI can get the assistance of the new PhilHealth management team," dagdag ni Guevarra.

Nakalabas ng kulungan si Sy makaraang nagpiyansa kaugnay ng kinakaharap na kasong estafa at falsification of public documents kaya pinalaya na sa NBI nang pagagan ito ng Manila Regional Trial Court (RTC) na magpiyansa para sa pansamantalang kalayaan nito.

Samantala siniguro ng isang kongresista na iimbestigahan ng Kongreso ang usaping ito ayon kay Camiguin Lone District Rep. Xavier Jesus Romualdo at hihintayin na lamang nila ang pagbubukas ng 18th Congress at ang pagbubuo ng mga komite para tuluyan nang masimulan ang imbestigasyon.

oOo

PINOY MULING ININSULTO NG CHINA

NANINIWALA po ang marami sa ating mga kababayan sa naging reaksyon ng isang senador na isa na namang pang-iinsulto sa mga Pinoy ang pagtanggap ng China sa sinasabing "hit-and-run" incident ng Chinese vessel sa bangka ng 22 mangingisdang Pinoy sa Recto Bank.

Sinasabi nitong si Senator Lacson na talagang sinadya ang insidente nang abandonahin ng mga tripulante ng Chinese vessel ang mga mangingisdang Pinoy upang sila ay mamatay sa laot. Mukhang malabo sa paningin ng mga Pinoy ang naging pahayag ng China na pinalibutan umano ng pito o walong mangingisdang Pinoy ang barko ng mga Intsik at dahil sa takot na sila ay atakehin ay napilitan daw ang mga ito na lisanin ang lugar.

Ang sinabi ng China ay salungat sa report ng militar ng Pilipinas na ang mga mangingisdang Pinoy ay sinagip ng isang Vietnamese vessel. "It doesn't make sense, parang nakakainsulto sa intelligence ng mga Filipino 'yung kanilang pinapalabas na explanation," ayon kay Lacson.

"Gumawa muna sila ng maayos na script kung sila man ay walang plano na ilahad 'yong buong katotohanan. Gumawa sila ng script na kapani-paniwala, at hindi 'yong parang iniinsulto nila tayo na tayong mga Filipino ay mga bobo,' sinabi ng mambabatas.

Ngayon hintayin po natin ang sinasabi ng Malakanyang na gagawa daw ng kaukulang hakbang si Pangulong Rodrigo Duterte kaugnay sa nasabing insidente.

Napapansin ng publiko ang pananahimik ng pangulo sa isyung ito na sakay ng nasabing fishing boat ang nasabing mga Pinoy nang banggain ito ng barkong ng China bago sila tuluyang abandonahin sa karagatan.

Popoy Pagayon wins 2019 'ULIRANG AMA' award

Noted and renown Filipino inventor Francisco Oral Pagayon has been named one of this year's "Ulirang Ama" awardees by the Ulirang Ama, Ina Foundation, Inc. The honor came in time with the world's observance of "Father's Day."

The Ulirang Ina Ama Awards Foundation, Inc. pays tributes to model Filipino fathers and mothers who exemplify integrity, high moral principles, and ideal ways of nurturing children.

Pagayon or Popoy to his friends, is also known as an "inventorpinoy," or Filipino inventor and entrepreneur. He has received numerous accolades and recognitions for his various inventions and achievements.

He was accorded the honors and award under the "business and industry" category, in a special program and rites held June 16 at the Centennial Hall of the historic Manila Hotel.

Pagayon is also broadcaster and publisher, and presently heads the Filipino Inventors Society Producers Cooperative (FISPC) aside from other organizations. Above all else, however, he is decidedly a great father to his five children who are all professionals now.

The Ulirang Ina Ama Awards Foundation Inc. is a non-profit, non-stock organization that undertakes many noteworthy projects. The Ulirang Ina and the Ulirang Ama Awards are only two among them.

Pagayon's co-awardees in the same category are Atty. Nelson A. Tan, Mr. Nestor S. Mangio, Jose P. De Jesus, Solomon Oh Lee, Pelagio Chan and George V. Cabarloc Jr.

As FISPC president, Popoy Pagayon focuses his time and attention to helping promote Filipino inventions and their commercialization worldwide.

At mabuti na lamang nang dumaan ang isang Vietnamese vessel ay nasagip ang mga nasabing mangingisda.

oOo

SAMANTALA tuwirang pinabulaanan ng Kapitan ng Filipino Fishing Boat na sila ay kinubkob ng kapwa Pilipino dahilan para sila ay abandunahin ng Chinese Vessel na bumangga sa kanila sa Recto Bank.

Sa isang pahayag ng Chinese Embassy, aminado ito na isa sa kanilang vessel ang sangkot sa insidente partikular na ang Yuemaobinyu 42212 at sinabi na imposible ang 'hit-and-run' na iginigiit ng mga Pilipinong sakay ng F/B Gem-Vir.

Hindi nga lang daw ni-rescue ang bangka ng mga Pinoy sapagkat mayroon nang kumubkob sa kanila at tangka umanong manguyog.

Kaya't sinabi ni Junel Insigne ang kapitan ng F/B Gem-Vir, na imposible ang mga naging depensa ng Chinese Embassy pagkat sila-sila lang daw kasi ang naroon sa area nang mangyari ang insidente.

Tama ang sinasabi ng mangingisdang Pinoy na papaano sila maka-aatake gayong sila na nga raw ang binangga kaya't nanindigan si Insigne na sinadya silang banggain at nang makita silang lumubog ay nagpatay pa ito ng ilaw para hindi sila makilala. Hintayin po natin ang magiging aksyon ni Pangulong Duterte sa ginawang ito sa atin ng Chinese government.

oOo

HEALTH OFFICIAL SA OWWA FUNDS SCANDAL

IPINAGTANGGOL nitong si Health Secretary Francisco Duque III ang kanyang sarile sa sinabi kamakailan nitong Senator Panfilo Lacson na sangkot umano siya sa kontrobersiya sa pondo ng Overseas Workers Welfare Administration (OWWA).

Maaalala na sa isang Twitter post ay pinaalalahanan ni Lacson si Pangulong Rodrigo Duterte na sangkot umano ang kalihim sa diversion ng pondo ng OWWA upang mabayaran ang mga PhilHealth cards noong 2004.


Itong si Duque po ang siyang nagsilbing presidente ng PhilHealth noong 2001 hanggang 2005 sa termino ni Pangulong Gloria Macapagal-Arroyo.

"For the record and information of the honorable Senator Panfilo Lacson, this case was already dismissed by the Ombudsman in 2012 and dismissed with finality by the Supreme Court in 2013 due to the lack of evidence," pagtatanggol ni Duque.


Ayon pa sa kalihim ang nasabing isyu ay natalakay na daw sa confirmation hearings niya para sa chairmanship ng Civil Service Commission noong 2010, at bilang kalihim ng Department of Health (DoH) noong 2018.

"The Commission of Appointments, which Senator Lacson was a part of, agreed that these claims are baseless and consequently approved my appointment as Health Secretary," ayon kay Duque. Pagmamalaki pa ni Duque na sa nakalipas daw na mahigit 20 taon ng kanyang serbisyo-publiko ay hindi siya kailanman napatunayang nagkasala sa anumang katiwalian.

"Simply because I hold integrity as my core principle," ayon sa DoH Secretary. "It is my sincere hope that information like this that may damage one's reputation is verified first before being narrated to the public to avoid confusion. It is also my sincere hope that this puts the issue to rest. I will continue to work with excellence and integrity in the service of the Filipino people," pagdidiiin ni Duque.



Andy Verde



CAISIP BEACH RESORT BRGY. STA. ANA CALATAGAN BATANGAS

For reservations please contact:
Teddy Caisip - 09173042216 / 09156024403
Jaime Esguerra - 09501952618

REPUBLIC OF THE PHILIPPINES
FOURTH JUDICIAL REGION
REGIONAL TRIAL COURT
BRANCH 15, NAIC, CAVITE

HOME DEVELOPMENT MUTUAL FUND (PAG-IBIG FUND),
Mortgagee/Petitioner,

FNC - 2019-23
For: Extra-Judicial Foreclosure of Real Estate Mortgage under Act 3135 as Amended by Act 4118

-versus-

YSRAEL S. REYNA,
Mortgagor/Respondent.

x-----x

NOTICE OF EXTRA-JUDICIAL SALE

Upon Extra-Judicial petition for sale under Act 3135, as amended by Act 4118 filed by **HOME DEVELOPMENT MUTUAL FUND (PAG-IBIG FUND)**, mortgagee/petitioner, with office address at the 14th Floor JELP Business Solution Center, No. 409 Shaw Boulevard, Mandaluyong City against **YSRAEL S. REYNA**, with postal address at 2 NR ANTERO SORIANO HW, TIMALAN CONCEPCION, NAIC, CAVITE to satisfy the mortgage indebtedness which as of FEBRUARY 25, 2019 amounts to **THREE HUNDRED NINETY SIX THOUSAND SIX HUNDRED FIFTY NINE PESOS & 65/100 (P396,659.65)** Philippine Currency, inclusive of interest, penalties and other charges, the undersigned Sheriff will sell at public auction on **June 20, 2019 at 10:00 o'clock in the morning** or soon thereafter at the main entrance of the Office of the Ex-Officio Sheriff at the Hall of Justice formerly Mayor Macario B. Pena Memorial Hall, Naic, Cavite, to the highest bidder, for cash and in Philippine Currency, the following described property with all the improvements existing thereon, to wit:

TRANSFER CERTIFICATE OF TITLE NO. 057-2016048719

A PARCEL OF LAND (LOT 26 BLOCK 12 OF THE SUBD. PLAN PSD-04-196108, BEING A PORTION OF PLAN PCN-04-001968, GLRO REC. NO. 8340), SITUATED IN BRGY. OF TIMALAN, MUN. OF NAIC, PROV. OF CAVITE, ISLAND OF LUZON. BOUNDED ON THE NW, ALONG LINE 1-2 BY LOT 19; ON THE NE, ALONG LINE 2-3 BY LOT 27 BOTH OF BLK. 12; ON THE SE, ALONG LINE 3-4 BY ROAD LOT 17 (8.00 M. WIDE); AND ON THE SW, ALONG LINE 4-1 BY LOT 25 BLK 12, ALL OF THE SUBD. PLAN. CONTAINING AN AREA OF **FORTY (40) SQ. METERS.** xxxxx

All sealed bids must be submitted to the undersigned on the above-stated time and date.

Prospective bidders or buyers are hereby enjoined to investigate for themselves, the title herein above-described and the encumbrances thereon, if any there be.

In case of the absence of any participating bidder on the above-scheduled date, said auction sale will be rese and finally held on **June 27, 2019** at the same place and time above-mentioned.

Naic, Cavite, May 21, 2019.

MA. CAROLINA M. POTENTE
Sheriff IV

Copy Furnished:

HOME DEVELOPMENT MUTUAL FUND (PAG-IBIG FUND),
14th Floor JELP Business Solution Center, No. 409 Shaw Boulevard, Mandaluyong City

YSRAEL S. REYNA
2 NR Antero Soriano, Timalan Concepcion, Naic, Cavite

WATERFRONTNEWS:
JUNE 5, 12 & 19, 2019

THE HOTTEST NEWS PROVIDER

WATERFRONT NEWS

Accepting ads thru email
waterfrontnews68@yahoo.com

Vol. VIII: No. 48 P10

CIRCULATED NATIONWIDE

June 19 - 25, 2019



PGC'S HEALTH CARE PROGRAM: The Provincial Government of Cavite continues to provide free health care services to indigent constituents through a medical and dental mission held at San Marino Square Covered Court, Paliparan 1, City of Dasmariñas on June 10, 2019. Barangay Councilor Joann Dimaranan, on behalf of their council, was very grateful to the provincial government for always accommodating their requests. A total of 393 patients benefitted from medical and dental check-up and tooth extraction performed by the doctors, dentists and technical staff from Gen. Emilio Aguinaldo Memorial Hospital and OPG-Extension. Dr. Irene Enriquez, a volunteer dentist from Biñan, Laguna also rendered her services. During the mission, members of the Hiding Place Ministry, the Philippine Association of Licensed Massage Therapist-Dasmariñas Chapter headed by its President, Ms. Fershell Ercilla assisted the medical mission team in providing free haircut, free blood sugar testing and free massage inspections. **(PICAD)**



PGC BRINGS QUALITY HEALTHCARE SERVICES FOR FREE TO IMUSEÑOS: The Provincial Government of Cavite thru the OPG-Extension and Provincial Health Office once again visited the City of Imus to bring quality healthcare services for free. More than 200 residents of Brgy. Palico I, II and III gathered at the Good Shepherd Covered Court in Brgy. Palico II to avail medical and dental services rendered by the doctors and dentists of Gen. Emilio Aguinaldo Memorial Hospital and City Health Office on June 11, 2019. The outreach event was made possible thru the request of Sangguniang Kabataan Chairmen Mark Cyrell Hementera, John Russell Santos and Jericho Vasquez with the support of 3rd District Board Member Larry Nato. **(PICAD)**



The Zapote Battle field – on this site the Filipino Revolutionary forces fought two decisive battle. One against the Spanish forces on 17 February 1897, in which Filipino Gen. Edilberto Evangelista was killed. The other against the American forces, on 13 June 1899 led by Gen. H.W. Lawton, who later was killed in San Mateo Rizal, by Filipino Gen. Licerio Geronimo. Bacoar City Mayor-elect Lani Mercado Revilla and Vice Mayor Karen Evaristo leads the Wreath-laying at the Zapote Battle field Shrine in Bacoar City, during the "Pagdiriwang ng Araw ng Kasarinlan" on June 12, 2019. The celebration also coincided with the ground breaking ceremony of Bacoar River walk and Bike Lane, a project of the City Bacoar and funded by DBM. Special guests for the event were: Ms. Janet Abuel, OIC Secretary of Dept. of Budget and Management; Directors: Ryan Lita and Aries Macaspac; and Exec. Assist. Sandra Perez. **(FRANK ESTRADA)**



COOV Marife Dangilan receives her certificate of participation to Assistant Commissioner Atty. Vincent Maronilla and Jun Tajima of International Cooperation Division customs Training Institute during their last day of Workshop on Post Clearance Audit for the Bureau of customs held at Bayleaf hotel, Intamuros Manila. The PCAG is mandated to conduct an audit examination, inspection, verification and investigation of records pertaining to any goods declaration within three years from the date of final payment of duties and taxes or customs clearance. Also included in photo is PCAG Director Dino Tuason. **(REYNANTE SALGADO)**



Manila International Container Port District Collector Atty. Dino Austria along with Deputy Collector for Assessment Mel Pascual, Formal Entry Division Chief Ric Ricarte and Formal Entry Asst. Chief Rizal Torralba presented special citation to Section 2, Formal Entry Division led by Customs Operation Officer V Paul Soriano and Customs Operation Officer V Fe Serna in recognition to their dedication to duty leading to the Port's commendable performance with a total port collection of P13.822 billion pesos for the month of April 2019 and posting a surplus of P176 million. The presentation took place on June 3, 2019 at the MICP conference room. Completing the Team Section 2 are Customs Examiners Omar Madcasim, Ombra Ibrahim, Monib Muto and Richard Marinas. **(DEXTER GATOC/JOSHUA ANDREI BON GILLES)**

WATERFRONT

AIRLINE TICKETING



FOR INQUIRIES:
Please call: 09157094276/09222607076
Email: maegeduriagao@yahoo.com
waterfrontnews68@yahoo.com

PLAYGROUND RENTAL AVAILABLE